# KALIGTASAN SA PANAHON NG PAGBAGYO

## MAGHANAP NG LIGTAS NA SHELTER SA ISANG BAGYO

**Kumusta, mga taga-California! Habang nagdadala ng mga bago at magkakaugnay na hamon sa ating estado ang mas malamig na buwan, tulad ng mga pagbaha, malalakas na hangin, mga pagkawala ng kuryente, mga mudslide, malalim na niyebe, at malalamig na temperatura, kumikilos ang Listos California upang protektahan ang ating mga komunidad at ipaalala sa kanila ang mga karapatan at mapagkukunang mayroon sila kung kailangan nilang humanap ng kanlungan.**

**Habang naghahanda ang Tanggapan ng Mga Serbisyong Pang-emerhensiya ng Gobernador ng California (Cal OES) at mga unang tagatugon sa ating estado para sa matinding panahong ito na dulot ng klima, may ilang simpleng hakbang na IYONG magagawa ngayon upang panatilihing ligtas ang iyong sarili, ang iyong mga mahal sa buhay, at mga kapitbahay.**

### MGA OPSYON SA LIGTAS NA LUGAR

- Kung kailangan mo ng lugar na matutuluyan hanggang sa ligtas kang makauwi, pag-isipang:
  - Manatili sa isang kaibigan, miyembro ng pamilya, o katrabaho sa labas ng lugar ng sakuna
  - Pumunta sa isang pampublikong mass care shelter (shelter ng pangangalaga para sa masa) o warming center (sentro ng pagpapainit)

### MGA MASS CARE SHELTER

- Ang mga mass care shelter ay nag-aalok ng kaligtasan at mga libreng serbisyo sa panahon at pagkatapos ng sakuna. Ang mga ito ay pinamamahalaan ng mga organisasyon ng gobyerno o nonprofit na organisasyon at naiiba sa mga kanlungan para sa mga taong walang tirahan o tumatakas sa karahasan sa bahay. Kasama sa mga libreng serbisyo na maaari mong matanggap ang:
  - Pagkain at tubig
  - Mga banyo
  - Kuryente upang i-charge ang iyong telepono o panatilihing malamig ang mga gamot
  - Isang mainit at ligtas na lugar para matulog
  - Paunang lunas at suporta sa pangangalagang pangkalusugan

# MAGHANAP NG LIGTAS NA SHELTER
SA ISANG BAGYO

## MGA WARMING CENTER

- Kung nahihirapan kang manatiling mainit sa panahon ng malamig, basa, o mahanging panahon, nagbibigay ang isang warming center sa mga miyembro ng komunidad ng ligtas at mainit na kapaligiran.

## MALUGOD NA TINATANGGAP ANG LAHAT

- Bukas ang mga pampublikong kanlungan at warming center sa lahat ng mga taga-California, anuman ang katayuan sa imigrasyon.
  - Hindi ka hihingian ng ID.
  - Hindi ka iuulat sa mga pederal na opisyal ng imigrasyon.
  - Hindi kailanman binibilang ang pagtanggap ng tulong sa sakuna bilang pampublikong singil at hindi ito makakaapekto sa iyong katayuan sa imigrasyon.
- Ang mga service animal (nagseserbisyong hayop) ay pinapayagang manatili kasama ang kanilang mga may-ari sa mga mass care shelter at warming center. Gayunpaman, hindi lahat ng kanlungan ay tumatanggap ng mga alagang-hayop. Maaaring idirekta ka ng tauhan ng kanlungan sa mga lokasyong bukas para sa mga alagang-hayop.
- Maaaring may mga hiwalay na lokasyong itinalaga upang matuluyan ng mas malalaking hayop, tulad ng mga kabayo.

## MAGHANAP NG MASS CARE SHELTER O WARMING CENTER

- Subaybayan ang mga mapagkakatiwalaang mapagkukunan ng balita na nag-uulat tungkol sa sakuna.
- Makipag-ugnayan sa mga lokal na opisyal.
- Ililista ng Cal OES ang lahat ng mapupuntahang mass care shelter at warming center sa **news.caloes.ca.gov.**